Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 31, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat .............. | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Bryan R. Lateo .............. | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos .............. | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas .............. | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat .............. | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco .............. | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. .............. | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit .............. | Kagawad – Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Limjuco .............. | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico .............. | Kagawad – SK |

KAPASIYAHAN BLG. 104-T'06

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 72-T'06 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 3-T'06 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG CALIOS NA NAGDARAGDAG NG LAANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN LIMAMPU'T ISANG LIBO LIMANG DAAN LIMAMPU'T LIMANG PISO AT SIYAMNAPUNG SENTIMOS (P151,555.90) MULA SA LABIS NA ITINALAGANG KITA NG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) PARA SA TAONG 2000 AT 2001 NA MAY HALAGANG P168,395.44 UPANG ILAAN PARA SA SEMINAR (P10,000.00), KARAGDAGANG ALLOWANCE NG SANGGUNIANG BARANGAY (P50,000.00), PAMBILI NG GAMOT (P20,000.00); PAGPAPAKUMPUNI NG DAY-CARE CENTER (P12,555.90), MENTINANSYA NG PASILIDAD (P14,000.00), LAKAD-OPISYAL (P10,000.00), PAGPAPAKUMPUNI NG KAGAMITAN (P20,000.00) AT PAMBILI NG KAGAMITAN AT MATERYALES (P15,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.

SAPAGKA'T, may pinagtibay ang Sangguniang Barangay ng Calios sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 72-T'06 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 3-T'06 na nagdaragdag ng laang guguling nagkakahalaga ng P151,555.90 mula sa labis na itinalagang kita ng IRA para sa taong 2000 at 2001 na may halagang P168,395.44 upang ilaan para sa seminar (P10,000.00), Karagdagang Allowance ng Sang. Brgy. (P50,000.00), pambili ng gamot (P20,000.00), pagpapakumpuni ng Day-Care Center (P12,555.90), mentinansya ng pasilidad (P14,000.00), lakad opisyal (P10,000.00), pagpapakumpuni ng kagamitan (P20,000.00) at pambili ng kagamitan at materyales (P15,000.00) ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay nasa pananagutan ito ng Sang. Barangay ng Calios.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Virgilio T. Ciriaco, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Alden A. Sulit, Bryan R. Lateo at Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 72-T'06 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 3-T'06 ng Sang. Brgy. ng Calios na nagdaragdag ng laang guguling nagkakahalaga ng P151,555.90 mula labis na itinalagang kita ng IRA para sa taong 2000 at 2001 na may halagang P168,395.44 upang ilaan para sa seminar (P10,000.00), karagdagang allowance ng Sang. Brgy. (P50,000.00); pambili ng gamot (P20,000.00); pagpapakumuni ng Day Care Center (P12,555.90); mentinansya ng pasilidad (P14,000.00), lakad-opisyal (P10,000.00), pagpapakumpuni ng kagamitan (P20,000.00) at pambili ng kagamitan at materyales (P15,000.00) ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan